

12. Sabi Ni Hesus...Sila Ay Maiiwan...Propesiya...

Ika 4 ng Nobyembre 2014...Mensahe Ni Hesus Sa Pamamagitan Ni Sister Clare...

Nagsimula ang Panginoon: “ Marami ang maiiwan”.

Panginoon, nalulumbay ako para sa mga maiiwan, sa dami ng ating mga pinahayag, sa aking pamilya, yung mga nanlilibak sa ganitong mensahe.

Siniguro Nya sa akin, “ Ang lahat ay magaganap ayon sa Aking kalooban “.

Nalulumbay ako para sa mga inosente at hindi nakakaunawa, ang mga mapupurul, mga masasama. Lahat ng nagbabalewala at umaayaw sa Iyo, Panginoon. Ang mga batang biktima ng prostitusyon. Hindi mo ba sila pwedeng isama? Alam ko mahal na mahal mo sila. At paano ang mga mabubuting Kristyano?

Itinanong ko ang bagay na ito sapagkat andoon sa orihinal na panaginip (rapture dream) ng aking kabiyak na si Ezekiel tungkol sa grupong mapapasama at napakaliit lamang ng bilang nito, nakakaalarma.

At nagsimula ang Panginoon, “ Marami ang maiiwan .”

Habang sinasabi ito sa akin ng Panginoon, hindi ako nakikinig, ayaw ko Syang pakinggan sa mga sinasabi Nya.

Nagsalita Sya ng buong kahinahunan, “Nais mo bang making?”

Sumagot ako, ‘ Patawarin mo ako, Panginoon.’

Nagsimula Syang tumangis...

“ Ayokong iwan ang kahit na sino. Ngunit ang mga patuloy na tumatalikod sa Akin at binabalewala ang mga katuruan Ko ay hindi mapapasama. Mayroong mga napapanahong lingkod at may dekada ng pagtuturo bilang serbisyo sa Akin. Naririnig nila ang Aking boses, inihahanda nila ang mga mensahe para sa iba ngunit sila mismo ay hindi nakikinig sa Akin. Hindi Ako makakapaglagay ng bagong alak sa lumang tapayan. Hindi Ko maitataguyod ang Simbahan ko sa katiwalian . Kailangan ng lubusang pagtalikod sa mga kapighatian, sama ng loob, at mga maling ideya, mga maling paniniwala at sistema ng relihiyosong espiritu. Ang Aking Simbahan ay puno ng katiwalian-kailangan syang malinis ng husto. At ang nalalapit na magaganap ay pamamaraan Ko sa kanyang pagiging busilak. Marami na Akong ipinakitang halimbawa sa inyo.”

Sa pagkakataong iyon, inilista Nya ang kanilang mga pangalan. At sa bawat isa, nanlumo ako sapagkat naalala ko ang pagkalungkot ng Banal na Espiritu sa kaloob looban ko, habang isa-isa silang humayo sa kanilang landas.

At pagkatapos, nagpatuloy Sya...

“ Mayroong mga tapat na lingkod na ang buhay ay puno ng ganitong halimbawa. Mahal nila ang bawat isa, tituturuan nila ang mga ito, nakiramay sa kanila...ngunit sa huli nag-iba pa din ng landas. Paulit-ulit binabata nila ang mga dagok ng pagsubok sa kanilang puso ng walang pag-iimbot at malisya. Hindi Ko ba sila gagantimpalaan dahil dito?”

“ Hindi Ko ba sila gagantimpalaan dahil dito? Hindi ba Ako sisigaw sa kawalan at tumatangis habang inihahanda ang daan? Sinasabi Ko sa inyo ang totoo, yung mga nagbabalewala sa mga turo at payo ng mga tapat Kong lingkod ay mabubuksan ang kanilang pandinig at makakarinig sila. Ngunit huli na ang lahat upang maiwasan ang mga pagsubok na dumapo na sa mundo upang subukan ang lahat ng kaluluwa.”

“ Ang marka ng dyablo (mark of the beast) ay simula na ng masinsinang pagsusuri. Magsisimula ito sa pagtangi sa sarili sa maliit na bagay at masusundan pa hanggang sa pinaka importante. Magkakaroon ng masidhing pagsusuri na hindi pa nararanasan sa nakaraan ng mga mananampalataya. Ang kamunduhan ay inakay sila sa istilo ng pamumuhay at pag-aaral ng relihiyon na hindi naman makatotohanan sa Aking unang Simbahan. Ang kanilang pagkilala sa sarili ay manganganib at magtatanong sila, hanggang sa maisipan nila kung sino Ako at sino sila sa Akin, at kung ano ang tunay na kahulugan na dalhin ang Aking Pangalan, ang Aking Krus. Ang mamuhay sa Akin at Ako sa kanila. At makikita nila ang halaga nila at tatalikdan nila ang mundo at mga bagay dito na meron sila. Ito ay dadaan sa proseso, hindi ito madali. Kung kaya iiwan Ko sila.”